



**Kuwento ni
Virgisary Alice C. Oafallas**

**Guhit ni
Maria Lyn G. Tagal**



PAMANA

Mga Kasanayan sa Pagkatuto

Nakapagpapakita ng tapat na pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigang tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran.

(EsP6PPP-III-f-37)

Lumalabok sa mga kampanya at programa para sa pagpapatupad ng batas tungkol sa pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit ng mga hayop, at iba pa.

(EsP6PPP-III-h-i-40)





Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulation, and speeches, lectures, sermons, addresses and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Oafallas, Virgisary Alice C. *Pamana*. DepEd-BLR, 2022.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Virgisary Alice C. Oafallas

Illustrator: Maria Lyn G. Tagal

Learning Resource Manager: Lorna C. Ragos

Analiza A. Almazan

Tagum City
Region XI






“Huhuhuhuuuhuhu”, sa malalim na gabi kung saan tanging mga kuliglig at ihip ng malamig na hangin ang madalas marinig ay hindi maitatanggi ang isang pagtangis.

Sa isang malaking sanga ng mataas na punong Narra ay nananangis ang isang munting agila. Ito ay si Pamana. Isang batang agila na tahimik na lumuluha bilang pagluluksa sa pagkakapaslang ng kaniyang inang agila.

Tinanaw ni Pamana ang kadiliman ng gabi, habang unti-unting dumadaloy sa isip niya ang mga masasayang ala-ala.





Sumungaw ang liwanag sa paningin ng bagong pisang agila. Unti-unting nagiging mas malinaw ang kaniyang paningin. Nakita niya ang malawak at maberdeng kabundukan. Nililipad ng mahinang hangin ang kaniyang maliliit pang pakpak. Pagdakay nararamdaman niya ang marahang pagdaplis ng tuka ng inang agila sa isang bahagi ng kaniyang ulo.

“Maligayang pagkasilang, mahal kong anak. Ika’y magiging isang malusog at matapang na agila. Kung kaya’t ikaw ay tatawagin kong Pamana,” puno ng pagmamahal na sambit ng inang Agila.

Napangiti ang munting agila sa tinuran ng ina. Ito pala ang mundo. Kay palad ko sapagkat napakaganda nito. Higit pa, mayroon akong inang mag-aaruga sa akin, anang isip ni Pamana.





Sa pagdaan ng mga araw ay palagiang
dinadalhan ng inang Agila ng makakain
ang batang Agila. Hanggang sa tinuturuan
na siya ng kaniyang ina kung paano
mangdagit ng kaniyang makakain. Kung
minsan ay sabay pang nanghuhuli ng
makakain ang dalawa.







“Ganyan nga anak, mahusay!” natutuwang bigkas ni inang Agila habang minamasdan si Pamana na makadagit ng pagkain.

“Ina, natuto na po ako kung paano makakuha ng pagkain” masayang sambit niya habang tinutuka ang isang maliit na ahas.

Masaya namang tumango-tango ang inang agila.

Kay saya ng mga panahong ito para kay Pamana. Malaya siyang nakalilipad at makakain. Madalas ay kasama pa niya ang ina at kung minsan ay nagpapaligsahan pa ang dalawa kung sino ang may malaking huli.

Isang araw, nagpaalam ang ina kay Pamana na mawawala ng ilang araw sapagkat kinakailangan niyang manghuli ng makakain sa kabilang bundok.



“Pamana anak, kailangan ko na munang umalis sapagkat ang bahaging ito ng kagubatan ay unti-unti ng nakakalbo at unti-unti na ring nagsilisan ang mga maliliit na hayop na sana ay mapagkukuhanan natin ng pagkain,” ang turan ng ina.

“Ngunit nag-aalala po ako sa inyo, ina baka po kayo ay masaknan ng mga taong nais na tayo ay hulihin,” puno ng agam-agam na sambit ni Pamana.

“Magiging maingat ako, anak,” turan naman ng ina.

“Subalit ina, hindi ba’t ang mga tao ring ito ang siyang dahilan kung bakit ako ay walang kinagisnang ama?” labis na may pagkabalisa si Pamana.

“Anak, magpakatatag ka at maging matapang. Ang buhay ay laging may panganib ngunit kung hindi natin ito haharapin at tayo ay hindi makikipagsapalaran ay wala tayong patutunguhan kung hindi ang gutom na siyang kikitil sa ating buhay” mahabang pagpapaliwanag ng ina.

Puno man ng pangamba ay walang nagawa si Pamana. Nagyakapan ang pakpak ng mag-ina. At tinanaw na lamang ni Pamana ang matuling paglipad ng ina.

Dumaan ang mga araw, ngunit ni anino ng inang Agila ay hindi matanaw ni Pamana. Sa paglipas ng mga araw at gabing dumaan ay lalong binabalot ng takot ang puso ni Pamana. Nasaan na ang kaniyang ina? Bakit ito ay hindi pa rin nagbabalik?






Isang araw ay nagpasiya si Pamana na hanapin na ang inang Agila. Sinuyod niya ang hilaga, silangan, kanluran, at timog na sulok ng kabundukan at maging ang himpapawid. Lipad dito, lipad doon, sinuyod niya ang dako pa roon upang hanapin ito ngunit hindi niya ito matagpuan.

Sa wakas, natanaw na niya sa kalawakan ang kaniyang ina.





“ina, ina!” malakas na pagtawag ni Pamana.

**Bakas sa mata ng batang Agila ang pagkasabik
sa ina.**

**Sapagkat likas na malinaw ang mata ng mga
agila ay kaagad din siyang natanaw ng ina.**



“Bang! Bang ! Bang!” sunud-sunod na bala ang bumaon sa pakpak ng inang Agila.

Mahigit lamang sa 30 metro ang pagitan ng mag-inang Agila nang unti-unting bumulusok pababa ang inang Agila.



“Inaaaaaaaaaaaaaaaa, inaaaaaaaaaaaaa!” hiyaw ng batang Agila.


Hindi maipinta ang hinagpis sa mukha ni Pamana. Dumaan ang maraming araw at gabi na puno ng lungkot ang bumalot sa puso ng batang Agila.

The illustration features a solid orange background. At the top, there are several stylized leaves in various colors: blue, green, yellow, pink, and purple, some with white or black outlines. In the lower-left foreground, a black silhouette of a bird, possibly a crow or raven, is perched on a dark, gnarled branch. Another similar branch is visible in the lower-right foreground. The overall style is graphic and artistic.

“Kay lupit ng mga tao. Bakit kami’y sinasaktan at hindi nila kayang bigyan ng kalayaan sa kalangitan? Kami ba ay walang karapatang mabuhay at dapat lang nilang pagkakitaan?” katanungang tila walang kasagutan ang mga nasambit ni Pamana.

“Simula ngayon ay lalo akong magiging mailap sa tao. Hindi na nila masisilayan ang aking paglipad. Ako ay magkukubli upang hindi na nila masaktan pang muli,” malungkot na pasya ng batang Agila.





“Inaaaaaaaaaaaaaaaa, Inaaaaaaaaaaaa
nangungulila na ako sa iyo, Inaaaaaaaaaaaa”
hikbi nang hikbi si Pamana.

“Pamana, Pamana, Pamana, gising na” sambit ng kaniyang ina.

“Ina? Buhay po kayo?” magkahalong gulat at tuwa ang nararamdaman niya.

“Aba, oo naman anak. Bakit ano bang akala mo? Na ako ay lumisan na sa mundo?” manghang tanong ng ina sa anak.

“Opo, ina ang akala ko ay nawala na kayo. Napakasidhi ng aking panaginip nawaring isa ng bangungot,” panimulang kuwento niya.

“Tila nga nakagigimbal ang iyong panaginip, anak. Ikuwento mo sa akin,” sambit ng ina niya.





Isinalaysay nga ni Pamana kung paano nakita niya ang pagbagsak ng kaniyang ina mula ng tamaan ng bala ang kaniyang pakpak.

Inilarawan niya kung paano bumulusok ang walang nang buhay nitong katawan mula sa himpapawid at bumagsak na lamang kung saan


Habang nagkukuwento ay hindi maiwasan ni Pamana ang manaka-nakang pagluha.

“Huhuhuuuhuuuhuh, na nakakatakot po talaga, inang” hindi pa rin humuhupa ang pangamba ni Pamana.

Niyakap ng malalapad na pakpak ni inang Agila ang batang agila.

Nais niyang maibsan ang takot nito at pag-aalala kahit na sa kaniyang isipan ay alam niyang kahit anumang sandali ay maaaring magkatotoo ang panaginip nito dahil sa kalupitan ng tao.

“Huwag ninyo akong iiiwan hah. Magkasama tayong lilipad palagi nang malaya, inaaaaaaa” sambit niya habang nakayakap sa ina.





“Alex, gising anak? Bakit ka humihikbi?” tanong ng ina.

“Nanay, napakalungkot po ng panaginip ko. Ako daw po ay isang batang agila na ang ngalan ay Pamana. Binaril po nila ang aking inang agila, huhuhhuuhhu” umiiyak na tugon ni Alex.

“Para pong totoo, nanay” sambit pa niya.

kring! kring!






“Anak, isang masamang panaginip lamang iyon. Magdasal ka at hilingin sa Panginoon na magkaroon ng awa sa puso ang mga taong nais manakit sa mga ibon” pagpapakalma ng ina.

“Opo, at nagising din daw ako mula sa aking panaginip, Nanay at buhay ang inang Agila ngunit hindi nawala ang aking pag-aalala”, dagdag kuwento ni Alex.

“Ayun naman pala anak, hindi naman nawala ang inang Agila. Bakit malungkot ka pa rin?” pang-aarok ng Nanay niya.

“Oo nga anak, isang nakakalungkot na bagay ito. Sana ay may mga batas pang mas mahihigpit upang sila ay maprotektahan ng ating pamahalaan” dagdag na lamang ng Nanay niya.

Sa pagdaan ng ilang linggo ay hindi pa rin nawala sa isip ni Alex ang kaniyang tila malungkot na panaginip. Palagi siyang tumitingala sa langit na wari ay naghihintay sa malayang paglipad ni Pamana ang batang agila sa panaginip niya.



Isang araw, nagkaroon ng patimpalak sa pagsulat ng lathalain ang kanilang eskwelahan para sa mga batang ika-anim na baitang.

Naging sentro ng kaniyang paksa ang pagpapahalaga sa mga ibon lalo na ang agila. Nais niyang magsilbing aral at mensahe ang kaniyang panaginip na mahalin ang ating kalikasan at lalo't higit pang pangalagaan ang mga hayop katulad ng ating pambansang ibon. Lahat ng mga hurado ay natuwa sa paksa ng kaniyang lathalain hindi lamang gantimpala ang natanggap ni Alex kundi naging inspirasyon din siya ng ibang mga mag-aaral upang pahalagahan ang ating pambansang ibon.



Para kay Alex, ang kalayaan ay hindi lamang dapat tinatamasa ng mga tao kundi lahat ng mga nilalang na may buhay sa daigdig gaya ng mga ibon na makalipad ng walang pangamba at ligalig.

Inaasam ni Alex na sana mas maraming mga tao at mga kabataan ang mag-aalaga sa ating kalikasan at kabundukan upang sa pagdating ng panahon marami pang mga katulad ni Pamana ang magpapatuloy at mananatili sa kanilang salinlahi.







Ang Manunulat

Ang may-akda ay si Gng. **Virgisary Alice C. Oafallas**, isang guro mula sa Mababang Paaralan ng Union, dibisyon ng Tagum City. Sa kasalukuyan siya ay nagtuturo ng asignaturang Agham at Araling Panlipunan sa ika-apat na baitang. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Elementary Education Major in Science and Health mula sa University of Southeastern Philippines. Nagpatuloy siya ng pag-aaral ng Master of Education Major in Educational Management at kumuha siya ng mga yunit ng Doctor of Education Major in Educational Management mula rin sa nasabing unibersidad.



Ang Taga-guhit

Ang taga-guhit ay si Gng. **Maria Lyn Godilos-Tagal**, guro mula sa Paaralang Elementarya ng Rizal, Sangay ng Lungsod Tagum. Nagtapos siya ng kursong Bachelor in Elementary Education sa University of Southeastern Philippines- Tagum Campus kung saan naging kasapi at president siya ng KAPA- USeP Visual Artist Guild. Sa kasalukuyan ay nagtuturo siya ng asignaturang Ingles at Araling Panlipunan. Patuloy parin ang kanyang adbokasiya na maging kabahagi ang sining sa mga kabataan bilang tagasanay sa mga poster and slogan contest at ng kartong pang editorial.

PAMANA

Bang!!! Bang!!! umalingawngaw ang malalakas na putok na wari ay gumimbal sa buong kagubatan.

“Inaaaaaaaaaaaaaaaa, inaaaaaaaaaaaa?” hiyaw ni Pamana.

Unti-unting dumaloy sa alaala ni Pamana ang masasayang sandaling kasama ang ina.

Ang mapagpala nitong pag-aaruga at maging ang paggabay nito sa una niyang paglipad. Magkahalong saya at kirot sa dibdib ang namutawi sa puso ng batang agila habang walang kalaban-laban niyang pinagmamasdan ang pagbulusok paibaba ng kaniyang ina.

Napagtanto ni Pamana na malupit ang mundo at lalo na ang mga tao na walang habag ang mga puso. Sinisira nila ang kalikasan na siya nilang tahanan. Unti-unting kinikitil ang kanilang buhay at dahan-dahang inuubos ang natitira nilang lahi.

Hanggang kailan ang kalupitang ito? Tuluyan na nga ba silang maglalaho?

